

Ang BeyondHousing ay nag-aalok ng hanay ng mga serbisyo sa mga taong walang tirahan o nanganganib na mawalan ng tirahan. Tinutulungan namin ang mga tao na makahanap ng pabahay at suportahan sila na manatiling may bahay.

Kami ay nakatuon sa pagbibigay ng may kalidad na mga serbisyo na:

- Libre
- Kumpidensyal
- Angkop sa kultura
- Hindi nanghuhusga

Naniniwala kami na lahat, lalo na ang mga bata, ay kailangang maging ligtas, ginagalang at pinakikinggan ang kanilang sasabihin.

Nagtatrabaho kami sa buong North East Victoria at Goulburn Valley; sakop ang Wodonga, Wangaratta, Shepparton, Seymour at lahat ng mga komunidad sa pagitan ng mga ito.

Para sa karagdagang impormasyon o para ma-access ang anuman sa aming mga serbisyo, mangyaring tawagan ang alinmang tanggapan, mag-email sa amin sa info@beyondhousing.org.au o bisitahin ang aming website na beyondhousing.org.au.

Ginagalang ng BeyondHousing ang iyong pagkapribado, dignidad at kultura. Kami ay isang organisasyon na Ligtas sa Bata at lahat ng mga tanggapan ay mapupuntahan ng mga may kapansanan. May makukuha ring mga serbisyo ng interpreter. Lahat ng mga serbisyo ay libre.



BEYOND
HOUSING

BEYOND
HOUSING

Office hours
Monday to Friday
9am - 5pm

82 High St
Wodonga
PO Box 761, 3689
(02) 6055 9000

40 - 42 Rowan St
Wangaratta
PO Box 273, 3676
(03) 5722 8000

54 Tallarook St
Seymour
PO Box 839, 3661
(03) 5735 2000

43B Wyndham St
Shepparton, 3630
(03) 5833 1000

Our Services

Ang Aming Mga Serbisyo

For further information

Visit our website
beyondhousing.org.au

Email us
info@beyondhousing.org.au

Follow us
[@beyondhousing](https://twitter.com/beyondhousing)



Mga Serbisyo ng Kawalan ng Tirahan

Paunang Pagtatasa at Pagpapalano (IAP - Initial Assessment and Planning)

Tinutulongan namin ang mga taong walang tirahan o nanganganib na mawalan ng tirahan.

Makakatulong kami sa:

- Impormasyon at payo
- Tulong upang matugunan ang mga agarang pangangailangan;
 - Mga opsiyon sa tirahan
 - Pagkain
- Paano mag-aplay para sa pansamantalang pabahay
- Mga opsiyon sa pangmatagalang pabahay; pampublikong pabahay at pribadong paupahan
- Mga pagsangguni sa mga ahensya na makakatulong sa suporta
- Tulong pinansyal upang makakuha ng pabahay

Kung kailangan mo ng agarang tulong, mangyaring tumawag sa 1800 825 955.

Ang mga serbisyo sa pag-abot kamay ay inaalok sa buong Ovens, Goulburn at Murray Valley.

Pansamantalang Pabahay

Kami ay nagpapaubaya ng ligtas, panandaliang pabahay na may ilang muwebles para sa mga taong walang tirahan.

Habang nasa pansamantalang pabahay, ang mga tao ay:

- Makikipagtulungan sa isang ahensiya ng suporta
- Maghahanap ng pangmatagalang pabahay na nababagay sa kanila
- Aalamin ang tungkol sa kanilang mga karapatan at mga responsibilidad kapag umuupa ng bahay

A Place to Call Home (Isang Lugar na Matatawag na Tahanan)

Ang A Place to Call Home ay sumusuporta sa mga karapat-dapat na mga taong maninirahan sa pansamantalang pabahay upang:

- Makapagtatag ng matibay na mga ugnayan sa lokal na komunidad
- Maging isang nangungupahan ng pampublikong pabahay

Masidhing suporta ay ibibigay sa panahon ng pangungupahan upang bumuo ng kakayahan at mga ugnayan sa komunidad.

Mga Serbisyo sa Suportang Pabahay

Tinutulongan namin ang mga taong nakatira sa:

- Pampublikong pabahay
- Pangkomunidad na pabahay o
- Pabahay ng mga Katutubo sa Victoria (AHV - Aboriginal Housing Victoria) na manirahan sa bagong mauupahan o manatili sa kasalukuyang tinitirhan

Ang Tenancy Plus ay para sa mga naninirahan sa pampubliko at pangkomunidad na pabahay.

Ang Suportang Programa para sa mga Aborihinal at Taga-Torres Strait Island (Aboriginal and Torres Strait Islander Support Program) ay tumutulong sa mga nangungupahan ng pampublikong pabahay na nagpapakilala bilang nangungupahang mga Aborihinal o Taga-Torres Strait Island at AHV.

Makakatulong kami sa:

- Pagpapaliwanag ng mga karapatan at mga responsibilidad ng nangungupahan
- Negosasyon sa mga may-ari ng propyedad
- Pagbubuo ng mga plano sa kaso upang makamit ang mga mithiin
- Pagtulong sa iba pang pangangailangan sa pabahay
- Pagsangguni sa mga serbisyong espesyalista
- Pagbibigay ng tinig sa mga tao upang malutas ang kanilang mga isyu sa pabahay
- Pagbibigay ng pagtatanggol sa sa Pambayan at Administratibong Tribyunal sa Victoria (VCAT - Victorian Civil & Administrative Tribunal)

Pangkomunidad na Pabahay

Kami ay nag-aalok ng:

- Mga propyedad na mahusay na pinananatili bilang opsiyon sa pabahay na abot-kaya ng mga taong may mababa hanggang katamtamang kita
- Mga propyedad na tumutugma sa iyong mga pangangailangan
- Mga link sa iba pang mga organisasyon sa komunidad upang hikayatin ang mga likas-kaya, at pang-matagalang pangungupahan

Ang upa ay batay sa kabuuang kita ng sambayanan. Sa pangkalahatan, hindi magbabayad ang mga nangungupahan ng mahigit sa 30% ng kabuuang kita ng sambayanan sa upa. Ang matagumpay na mga aplikante ay kailangang maging karapat-dapat para sa Tulong sa Pangungupahan sa Commonwealth (Commonwealth Rent Assistance) at/o pampublikong pabahay sa Victoria.

Ang mga aplikasyon para sa pang-komunidad na pabahay ay hawak ng Kagawaran ng Kalusugan at mga Serbisyong Pantao (Department of Health and Human Services) na namamahala sa Rehistro ng Pabahay sa Victoria (Victorian Housing Register).

Suporta sa Pribadong Pangungupahan

Tumutulong kami sa mga tao upang:

- makahanap at panatilihin ang kanilang paninirahan sa pribadong pangungupahan
- ipagtanggol ang mga nangungupahan na may mga problema sa may-ari ng propyedad
- Pumunta sa Pambayan at Administratibong Tribyunal sa Victoria (VCAT)

Ang Programang Tulong sa Pribadong Paupahan (PRAP - Private Rental Assistance Program) ay para sa mga tao na:

- Nahihirapang magbayad ng kanilang pribadong upa
- Nakatira sa caravan park o boarding house
- Gusto ng mas angkop na tirahan
- Nahihirapang maghanap ng pribadong paupahan.

Ang Nanganganib Mawalan ng Pangungupahan (STAR - Sustaining Tenancies at Risk) ay para sa mga taong nakatira sa pribadong paupahan na nanganganib na mawalan ng kanilang pangungupahan dahil sa atrasadong pagbabayad ng upa.

Programang Pagtatanggol sa Pangungupahan at Payo (TAAP - Tenancy Advocacy and Advice Program) ay tumutulong sa mga pribadong nangungupahan na maaaring humarap sa VCAT o may suliranin sa may-ari ng propyedad.

Ang mga bagay na maaari naming matulungan ay kinabibilangan ng:

- Kasaysayan ng paupahan
- Paghanap ng mga pribadong pabahay
- Paano mananatili sa iyong kasalukuyang inuupahan
- Pagbigay ng impormasyon tungkol sa mga karapatan, responsibilidad at kung paano gumagana ang mga Batas sa Residensiyal na Pangungupahan
- Pakikipag-kasundo sa mga may-ari ng propyedad o mga Ahente ng Real Estate
- Pagbadyet
- Pagbigay ng brokerage kung kailangan, at kung saan karapat-dapat
- Pagrepasso at pagpapaliwanag ng mga dokumento
- Paghanda ng mga dokumento para sa mga pagdinig ng VCAT at pagharap kasama ang mga tao sa VCAT
- Pagsangguni sa mga serbisyong espesyalista kung kinakailangan